REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 99-096**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, MGGL. JAIME R. FRESNEDI, NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD UPANG PUMASOK SA KONTRATA PARA SA PROYEKTONG "INTERIOR RENOVATION AND FURNISHING OF PEOPLE'S CENTER BUILDING" SA NVA CONSTRUCTION SA HALAGANG APAT NA MILYON LIMANGDAAN WALUMPU'T DALAWANG LIBO SIYAMNARAAN LIMAMPU'T TATLONG PISO AT APATNAPU'T LIMANG SENTIMO (P4,582,953.45).**

* * * * * * * * * * * * *

***Ipinanukala nina:*** Kon. Aldrin L. San Pedro
Kon. Raul R. Corro
Kon. Patricio L. Boncyao, Jr.
Kon. Jo Jason T. Alcaraz
Kon. Bal Niefes
Kon. Nicanor L. Echavez, MD
Kon. Victor L. Ulanday
Kon. Dante S. Almario
Kon. Elmer S. Espeleta
Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.
Kon. Lucio B. Constantino
Kon. Mario E. Bulay, Jr.
Kon. Artemio A. Simundac
Kon. Allan Rey A. Camilon

* * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** ang proyektong ***"Interior Renovation and Furnishing"*** ng ikalawang palapag ng gusali ng People's Center ay isa sa mga pangunahing Pagawaing Bayan ng Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ay nagpalathala at nagpaskil ng Paanyaya sa Tawaran ayon sa itinatadhana ng batas sa pagpapagawa ng proyekto;

**SAPAGKAT,** sa Pampublikong Tawaran na ginanap noong14 Abril 1999, tatlong (3) akreditadong kontratista ang nagsumite ng "bid." Ito ay ang mga sumusunod:

| CONTRACTOR | BID AMOUNT | VARIANCE | |
|---|---|---|---|
| | | % to AAE | % to ALGUE |
| HCM Construction | P5,370,000 | 1.17 | 1.08 |
| NVA Construction | 5,268,000 | 1.15 | 1.06 |
| D.L. Cervantes Const. | 5,453,121 | 1.19 | 1.09 |

**SAPAGKAT,** ang halaga ng proyekto (batay sa **Approved Agency Estimate**) ay **Apat na Milyon Limangdaan Walumpu't Dalawang Libo Siyamnaraan Limampu't Tatlong Piso at Apatnapu't Limang Sentimo (P4,582,953.45)** at ang **Allowable Local Government Unit Estimate (ALGUE)** ay **Apat na Milyon Siyamnaraan Pitumpu't tatlong Libo Tatlong daan Tatlumpung Piso at 22/100 (P4,973,330.22);**

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

*Pahina 2*
*Kapasiyahang Panlungsod Blg. 99-096*

**SAPAGKAT**, ang halaga ng bid na inialok ng kontratista (**NVA Construction**) na may pinakamababang tawad na mataas ng **15%** porsiyento sa **AAE** at **6%** na porsiyento sa **ALGUE** ay pawang responsibo:

**SAPAGKAT,** matapos pag-aralan ang rekomendasyon ng ***Lupon ng Prekuwalipikasyon, Pagtatawaran at Paggagawad*** (**PBAC**) at masusing pagsisiyasat sa mga isinumiteng dokumento, pinagpasiyahan na pahintulutan ang Punonglungsod na ipagawa ang proyekto sa **NVA Construction**, subalit sa halaga na pinagtibay ng Pamahalaang Lungsod (**AAE**) na **Apat na Milyon Limang daan Walumpu't Dalawang Libo Siyamnaraan Limampu't Tatlong Piso at 45/100 (P4,582,953.45):**

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng ***Sangguniang Panlungsod*** na bigyan ng kapangyarihan ang **Punonglungsod,** ***Mggl.*** **Jaime R. Fresnedi** na kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa pagpasok sa kontrata sa proyektong ***"Interior Renovation and Furnishing of Second Floor, People's Center Building"***, sa **NVA Construction** sa halagang ***Apat na Milyon Limangdaan Walumpu't Dalawang Libo Siyamnaraan Limampu't Tatlong Piso at Apatnapu't Limang Sentimo (P4,582,953.45).***

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **12 Mayo 1999**, sa ginanap na ika-**38** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**Atty. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Atty. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sang. Kabataan*

**LIBAN:**

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Punong Panghapagang Mayorya/Tumayong Tagapangulo*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
Petsa: 5-26-99

*norie*